# Si Ben:

## Ang Tagapagligtas ng mga Waterlily



**Kuwento ni**
**Cherry E. Cutillas**
SDO – Taguig City and Pateros
Eusebio C. Santos Elementary School

**Dibuho ni**
**Camille Jewel L. Garcia**
SDO - Taguig City and Pateros
EM's Signal Village Elementary School





*EsP1PPP-IIIf-h-4 Pagmamalasakit sa kapaligiran*

*Karapatang-ari © 2019*

*Reserbado ang lahat ng karapatan, kasama na ang mga karapatan sa reproduksiyon at paggamit sa anumang anyo at paraan maliban kung may nakasulat na pahintulot mula sa may hawak ng karapatang-ari.*

*Kuwento ni Cherry E. Cutillas*
*Dibuho ni Camille Jewel L. Garcia*

# Si Ben:
# Ang Tagapagligtas ng mga Waterlily



Si Ben ay isang batang pilyo at makulit. Lahat ng bagay na makita ay kaniyang nasisira dahil sa walang katapusang kalikutan. Likot dito, likot doon. Harot dito, harot doon.




Isang araw, naglalakad sila ng kaniyang kaibigan na si Simon, papuntang Ilog Sta. Ana. May nakita silang napakadaming halaman na hugis bilog na nakalutang sa tubig.



“Ano kaya ang mga halamang ito?” tanong ni Ben sa kaniyang kaibigan. “Ha? Hindi ko rin alam, ” sagot ni Simon. “Nakaharang sa ilog. Gusto ko pa naman sanang maligo,” nayayamot na wika ni Ben.



At biglang may naisip si Ben na talagang nakapagpangiti sa kaniyang pilyong mukha.



“Halika! Tulungan mo ako,” paanyaya ni Ben kay Simon.

“Bakit ano na naman ang gagawin mo?”

“Basta!” sagot ni Ben.



Hinila ni Ben ang kamay ni Simon at lumapit sila sa mga kawayan na nasa gilid ng daanan.



Kumuha si Ben ng dalawang mahabang patpat ng kawayan at inabot ang isa kay Simon. Gamit ito, hinampas ni Ben ang mga berdeng dahon ng halaman.



“Hala, bakit mo ginawa iyon, Ben?” tanong ni Simon. “Hindi mo ba nakikita? Nakaharang kasi? Hindi ako makalusong at makalangoy,” sagot ni Ben.



“Doon na lang tayo sa bandang walang mga halaman,” giit ni Simon, sabay turo sa lugar na wala ang mga berdeng halaman.



“Hmp! Ayoko nga, gusto ko rito,” naiinis na sagot ni Ben.



Habang abala si Ben sa paghampas ng mga halaman, biglang isang matandang manggagawa ang nakasaksi sa ginagawa ni Ben.



“Mga bata, ano ang ginagawa ninyo? Bakit ninyo sinisira ang mga halaman na iyan?” tanong ng matanda.



“Ano ngayon kung sinisira ko ang mga ito? Hindi naman sa iyo ito a!” pabulyaw na sagot ni Ben. “At saka nakaharang ang mga ito sa liliguan  ko!” pabalang pa niyang sagot sa matanda.



“Bata, hindi maganda ang ginagawa mo, sinisira mo ang bagay na may pakinabang. Waterlily ang mga halamang iyan.” pangaral ng matanda. “May pakinabang po ba ang mga iyan, iyang mga sinasabi ninyong waterlily?” tanong ni Ben.



“Nililoko niyo ba ako?” habang patuloy na hinahampas ni Ben ang mga dahon ng waterlily.



“Bahala ka bata, basta pinagsabihan na kita. Malaki ang pakinabang nito sa amin. Balang-araw, sana ay makita mo ito.”



At biglang hinagis ni Ben ang patpat ng kawayan sa matanda na nakapagpatumba rito dahil sa pagkabigla. Napaupo ito sa mga waterlily.




“Hala ka Ben, anong ginawa mo?” natatarantang tanong ni Simon.

“Hmp! Hayaan mo nga siya buti nga sa kaniya dahil pakialamero siya! Halika na nga Simon. Ayoko nang maligo!” pasigaw na sagot ni Ben.



Kinagabihan, dahil sa pagod ay maagang nakatulog si Ben.



Nagising siya na napaliligiran ng mga waterlilies. “Naku, nakita ko na naman ang mga halaman na ito,” yamot na sabi ni Ben.




Kumuha siya ng patpat at akmang hahampasin ang mga dahon. “Huwag!” sabi ng isang babae na nakasuot ng mahabang bestida na gawa sa iba’t ibang halaman.



Nanlaki ang mga mata ni Ben sa nakita. “Sino ka?” tanong ni Ben na gulat na gulat.

“Isa akong diwata. Ako ang tagabantay ng mga waterlily na iyong sinisira,” wika ng babae na may bulaklak na korona at nagniningning na mata.



"Alam mo ba na ang mga waterlily na tumutubo sa Ilog Sta. Ana at Lawa ng Laguna ay magagamit sa paggawa ng mga bag, tsinelas, banig, abaniko, at mga kasuotan?" wika ng diwata.



“Ang kinikita ay malaking tulong sa mga mamamamayan dito sa inyong lugar. Maraming pamilya ang nabigyan ng pangkabuhayan dahil sa mga waterlily na iyan,” pangaral ng diwata kay Ben.



“Ang manggagawang sinaktan mo kahapon ay isa sa nakikinabang dito. Sa iyong palagay, saan na siya kukuha ng pangkain para sa kaniyang pamilya? Kung hindi ka magbabago ay maaari kitang parusahan dahil sa kasalanan mo,” dagdag pa ng diwata.



Biglang napaisip at napagtanto ni Ben ang kanyang masamang mga nagawa. “Patawad po diwata. Magbabago na po ako simula ngayon. Iiwasan ko na pong makasakit at  manira,” wika ni Ben.



Biglang nagising si Ben.


"Panaginip lang pala. Ngunit, tama ang sabi ng diwata sa aking panaginip hindi ko na dapat sirain ang mga waterlily," wika ni Ben.



At mula noon, makikita na sina Ben at Simon na tumutulong sa pagkuha ng mga waterlily upang ipunin at ibigay sa kooperatiba ng Wawa, Taguig na nangangasiwa sa paggawa ng mga produktong galing sa waterlily.



Wakas.





*ANG MANUNULAT*

*Si Gng. Cherry E. Cutillas ay pangalawang anak nina G. Danilo G. Eugenio at Gng. Mercedes M. Eugenio. Siya ay ipinanganak sa Guimba, Nueva Ecija at lumaki sa Bugallon, Pangasinan. Naging inspirasyon niya ang kaniyang pamilya sa pagsusulat ng maikling kuwento. Siya ay may tatlong anak na sina Marrien, Cymon, at Chaiden sa kaniyang asawa na si G. Benmar A. Cutillas. Noong taong 2006, siya ay pinalad na makapagturo sa Lungsod Taguig. Siya ay kasalukuyang guro sa Paaralang Elementarya ng Eusebio C. Santos sa loob ng halos 13 na taon.*

*ANG DIBUHISTA*

*Si Bb. Camille Jewel L. Garcia ay lumaki sa Lungsod Taguig. Simula pagkabata ay mahilig na siyang gumuhit at magkulay. Sa kasalukuyan, masaya siyang nagtuturo sa unang baitang sa EM's Signal Village Elementary School na mahalin at pagyamanin ang kanilang angking galing sa sining.*



Lahat ng bagay na nilikha ng Diyos ay may pakinabang, kaya't nararapat lamang na ito ay pahalagahan. Kapag ito ay ating inabuso at sinira, maaaring tayo ay maparusahan ng Inang Kalikasan. Tunghayan ang kuwento ni Ben na isang batang pilyo na sumira sa mga halamang waterlily.

